Pangalan:_______________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula:_______________ Petsa Nang Natapos:____________ Marka:_______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Sanhi at Epekto ng Political Dynasty**

**PANUTO:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

Matagal nang nanunungkulan sa posiyon sa pamahalaan ang pamilyang Isidro. Sa tuwing sumasapit ang eleksiyon, ginagamit ng nasabing pamilya ang kanilang salapi buhat sa kinikita nila sa napakalawak nilang plantasyon ng mga tubo at iba pang pananim sa kanilang hacienda. Maliban dito ay nagagamit din nila ang kita nila sa iba't ibang negosyo sa pagpapasahod sa kanilang mga tauhan. Hindi rin biro ang halagang ginagamit nila sa tuwing nagdaraos sila ng mga míting de avánce sa bawat lugar. Sadyang malaki ang impluwensiya ng kayamanan upang matustusan ang mga pangangailangan sa oras ng eleksiyon upang manalo at manatili sa kanilang puwesto.




Buhat sa nasabing sitwasyon, ano ang nagsilbing instrumento sa pamilyang Isidro upang mapanatili sa puwesto sa loob ng napakatagal na panahon?

A. tiwala ng taong-bayan sa pamumuno
B. dami ng mga sumusuporta sa pamilya
C. katanyagan ng pamilya na hinubog na ng kasaysayan
D. dami ng kayamanan ng pamilya
E. May iba at higit pa akong mahusay na kasagutan kaysa sa letrang A–D.

Isulat ang naisip na sagot dito:

_______________________________________________________




Sa bansang Pilipinas hindi kaila sa atin na napakaraming nanunungkulan na magkakamaganak sa politika. Tila nagmumukhang malaking negosyo na maihahalintulad sa monopolyo ang politika para sa pamilyang ito. Bakit itinuturing na isang monopolyo ng kapangyarihan ang isyu ng political dynasty sa bansa?

A. Iisang angkan lamang ang humahawak ng kapangyarihang politikal sa isang lugar.
B. Nagiging labis ang kanilang kapangyarihan bilang tagapangasiwa at tagapagpatupad ng batas sa kanilang mga nasasakupan.
C. Wala silang nakatutunggali sa politika tuwing may nagaganap na eleksiyon.
D. Marami silang mga kaalyado at koneksiyon sa pamahalaan kung kaya napakadali para sa kanilang angkan na mamuno sa loob ng napakatagal na panahon.
E. May iba at higit pa akong mahusay na kasagutan kaysa sa letrang A–D.

Isulat ang naisip na sagot dito:

_______________________________________________________